Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata



# Si Hesus ay Pumili ng Labing Dalawang Apostoles

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: Byron Unger at Lazarus

Ibinagay nila: E. Frischbutter at Sarah S.

Isinalin ni: Anne T.

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2010 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si Hesus ay gumagawa ng mga kamanghamanghang bagay.  Siya'y nagpapapagaling ng mga may sakit, …



… nagbibigay kapayapaan sa puso sa mga taong nagugulumihanan at nagtuturo ng Salita ng Diyos.




Siya ay dinudumog ng maraming tao
upang humingi ng tulong
at magpagamot, …

… kaya nagpasya siya na pumili ng labing dalawang disipulo sa kanyang mga tagasunod, …



… upang makatulong sa gawain ng Panginoon.




Kapag ikaw ba'y may mahalagang desisyong gagawin, nananalangin ka ba sa Panginoon? Ganun din si Hesus!

Sa tahimik na lugar sa burol kaniyang kinakausap ang Kaniyang Amang nasa langit. Si Hesus ay nananalangin hanggang sa pagputok ng araw.





Si Hesus ay nananalangin maging sa buong magdamag.


At pagka-umaga, tinawag ni Hesus ang kanyang mga tagasunod na kanyang mga kaibigan na ...


… sumusunod at naglilingkod sa kanya. At mula sa kanila siya ay pumili ng labing dalawang Apostoles.

Ang naunang dalawang pinili ni Hesus ay ang magkapatid na si Simon Pedro at Andres. Iniwan nila ang pagiging mangingisda at sumunod sila kay Hesus.




Si Santiago at Juan, na mga anak ni Zebedeo na iniwan rin ang kanilang mga lambat.

Pinili rin ni Hesus sina Filipe,
Bartolomeo, Mateo, Tomas,
si Simon na Masikap,
si Santiago
na anak ni
Alpeus, ...



... si Hudas na kapatid ni Santiago at si Hudas Iscariot na siyang magkakanulo kay Hesus.




Itinuro ni Hesus na siya,
na tumutupad ng
kanyang salita ay
katulad ng isang
taong nagtayo
ng kanyang bahay sa
matibay na pundasyon.

Daanan man
ito ng malakas
na bagyo ito'y
hindi masisira.



Ngunit siya na hindi tumutupad sa mga salita ni Hesus ay katulad ng taong nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan.



At ito ay dagling mawawawasak kapag dinaanan ang bagyo.




Subalit hindi lahat ng utos ni Hesus ay madaling tuparin.
“Kapag sinampal ang iyong kanang pisngi, ibigay mo rin ang kaliwa“
turo
niya.

"Mahalin mo ang iyong kaaway."
Kailangan ng tao ang
biyaya at tulong mula
sa Diyos upang
mamuhay katulad
ni
Hesus.



Itinuro din ni Hesus sa mga tao na manalangin ng palihim, ...



... at hindi magpakitang gilas na manalangin sa harap ng maraming tao, gaya ng gingawa ng ibang mga relihiyosong tao.



Wika rin ni Hesus, dadamitan at pakakainin ng Diyos sila na nagtitiwala sa kanya, ...



… kagaya
ng mga ibon,
mga magaganda at
makukulay na bulaklak
at tanim.



Maari mong ipagkatiwala ang lahat ng iyong mga pangangailangan sa Diyos.



Tinuruan ni Hesus silang labing dalawang apostoles na pinili niya, ng maraming bagay. Nang siya'y matapos, isang ketongin ang lumapit sa kanya at nagmamakaawang siya'y pagalingin.



Sumagot si Hesus sa ketongin,
"Nais ko. Ika'y luminis."
At sa harapan ng
labing dalawang
apostoles, ang
taong ketongin ay
gumaling. Siya



ay magaling
na!


Tanging ang Anak ng Diyos lamang ang makakagawa ng ganung bagay. Alam ng mga disipulo na mayroon silang dakilang guro.

# Si Hesus ay Pumili ng Labing Dalawang Apostoles

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mateo 4-7, Markos 1, Lukas 6

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16